



PRESS RELEASE

Philippine Mission to the United Nations and Other International Organizations in Geneva

14-16 Allée David-Morse, 1202 Geneva, Switzerland • Telephone No. +41 22 716 1930 • <http://www.genevapm.dfa.gov.ph>
E-mail: geneva.pm@dfa.gov.ph • Facebook: Philippine Consulate General, Geneva URL: <https://www.facebook.com/genevapcg/>



Pagbasa ng Aklat na "Si Tala at ang Kanyang Lakbay Kalawakan" Para sa Pagdiriwang ng Buwan ng Wika



Geneva, 16 Agosto 2024 – Bilang bahagi ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika, matagumpay na nagsagawa ang Philippine Mission sa Geneva noong ika-16 ng Agosto 2024, ng programa upang ipakilala at basahin ang aklat na **"Si Tala at ang Kanyang Lakbay Kalawakan,"** isang pambatang kwento na isinulat ng mga eksperto mula sa Philippine Space Agency. Ang aklat ay binasa ni Atty. Noelle Riza Castillo, Director Space Policy and International Cooperation Bureau ng nasabing kagawaran.

Ang aktibidad ay dinaluhan ng mga anak ng mga opisyal at kawani ng Mission, pati na rin ng mga kabataang mula sa Filipino community sa Geneva. Nagbukas ng programa si Permanent Representative Carlos Sorreta, na binigyang-diin ang kahalagahan ng Buwan ng Wika bilang isang okasyon upang ipagdiwang at patuloy na itaguyod ang wikang Filipino at ang mayamang kultura ng Pilipinas sa mga kabataan.

Sa pagtatapos ng programa, nagbigay ng panghuling mensahe si Deputy Permanent Representative Kristine Leilani Salle, bilang pagpapasalamat sa mga dumalo at pagbibigay-pugay sa pagpapahalaga ng mga kabataang Pilipino sa kanilang sariling wika at kultura. Hinikayat niya rin ang mga bata na patuloy na tuklasin ang kalawakan at suportahan ang mga inisyatiba ng Philippine Space Agency.

Ang programang ito ay isang makabuluhang pagkakataon upang pagsama-samahin ang Filipino community sa Geneva upang ipagdiwang ang ating pambansang wika at kultura. Sa pamamagitan ng pagbabasa ng **"Si Tala at ang Kanyang Lakbay Kalawakan,"** hindi lamang pinalalalim ng Philippine

Mission ang pagmamahal ng mga kabataan sa wikang Filipino, kundi pati na rin ang kanilang interes sa agham at teknolohiya, na bahagi ng kanilang pagkakakilanlan bilang mga Pilipino.

Maaring mabasa ang PDF ng aklat mula sa website ng Philippine Space Agency:

<https://philsa.gov.ph/books/si-tala-at-ang-kanyang-lakbay-kalawakan/>

ENGLISH VERSION:

Geneva, August 16, 2024 – As part of the celebration of Buwan ng Wika, the Philippine Mission in Geneva successfully held a program on August 16, 2024, to introduce and read the book "Si Tala at ang Kanyang Lakbay Kalawakan" ("Tala and Her Space Journey"), a children's story written by experts from the Philippine Space Agency. The book was read by Atty. Noelle Riza Castillo, Director of the Space Policy and International Cooperation Bureau of the said department.

The activity was attended by the children of the Mission's officials and staff, as well as young members of the Filipino community in Geneva. The program was opened by Permanent Representative Carlos Sorreta, who emphasized the importance of Buwan ng Wika as an occasion to celebrate and continuously promote the Filipino language and the rich culture of the Philippines among the youth.

At the conclusion of the program, Deputy Permanent Representative Kristine Leilani Salle gave the closing remarks, expressing gratitude to the attendees and paying tribute to the young Filipinos' appreciation of their own language and culture. She also encouraged the children to continue exploring space and to support the initiatives of the Philippine Space Agency.

This program was a meaningful opportunity to bring together the Filipino community in Geneva to celebrate our national language and culture. Through the reading of "Si Tala at ang Kanyang Lakbay Kalawakan," the Philippine Mission not only deepens the love of the youth for the Filipino language but also their interest in science and technology, which are integral to their identity as Filipinos.

The PDF of the book can be read from the Philippine Space Agency's website.

<https://philsa.gov.ph/books/si-tala-at-ang-kanyang-lakbay-kalawakan/>